## Checklist ng pandinig at pagsasalita para sa ...

### Kapanganakan hanggang sa 3 buwan

- ☐ Napapanatag ng pamilyar na mga tunog o boses
- ☐ Nagugulat o nagugulantang kapag may biglaang mga ingay

### 3 hanggang 6 na buwan

- ☐ Ibinabaling ang ulo o mga mata sa kawili-wiling mga tunog
- ☐ Tila nakikinig
- ☐ Agad nagigising ng ingay
- ☐ Nagsisimulang gumawa ng mga tunog na parang nagsasalita

### 6 hanggang 12 na buwan

- ☐ Nauunawaan ang mga simpleng salita, gaya ng 'hindi' at 'babay'
- ☐ Nagsisimulang kopyahin ang mga tunog ng pananalita
- ☐ Ibinabaling ang ulo sa malalambot na tunog

### 12 hanggang 18 na buwan

- ☐ Tila nadaragdagan ang mga nauunawaang mga salita bawat linggo
- ☐ Kapag tinatanong, tumuturo sa mga tao, sa mga bahagi ng katawan o sa mga laruan
- ☐ Sumusunod sa simpleng mga tagubiling binibigkas halimbawa, 'umupo'
- ☐ Nagsasabi ng dalawa o tatlong tunay na mga salita halimbawa, 'bola', 'aso', 'kotse'

**Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa pandinig ng iyong sanggol, kontakin ang doktor ng iyong anak o kawani ng iyong lokal na klinika.**

Reviewed 2018




Ang Programa sa Malusog na Pandinig ng Queensland Health (Queensland Health Healthy Hearing Program) ay naglalayong matukoy ang mga sanggol na ipinanganak na may permanenteng pagkawala ng pandinig. Ito ay libre at makukuha ng lahat ng mga sanggol na may Medicare na ipinanganak sa Queensland.

www.health.qld.gov.au/healthyhearing

Queensland Government

Language: Filipino



# Paano mo malalaman kung naririnig kita?

Ang pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol

Queensland Government

## Ang pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol

Ang Malusog na Pandinig ay napakahalaga sa pag-unlad sa pagsasalita at wika ng iyong anak mula sa mga unang buwan ng pagkasilang. Mga isa o dalawang sanggol sa bawat 1000 ay magkakaroon ng seryosong pagkawala ng pandinig.

Kung ang pagkawala ng pandinig ay hindi natukoy nang maaga, maaaring makaapektuhan nito ang pag-unlad sa pagsasalita at wika ng iyong anak at ang hinaharap na pag-aaral sa paaralan.

## Appointment para sa pagsusuri sa pandinig

…………………………..

Petsa …………………..

Oras ……………………..

Lugar …………………..

### Bahagi ng mga pagsusuri sa kalusugan ng sanggol

Ang programang Malusog na Pandinig ay naglalayong matukoy ang mga sanggol na ipinanganak na may permanenteng pagkawala ng pandinig. Ito ay libre at magagamit ng lahat ng mga sanggol na ipinanganak sa Queensland na may medicare.

Ang iyong sanggol ay aalukin ng ilang mga pagsusuri sa kalusugan pagkasilang nito. Isa dito ang pagsusuri sa pagkawala ng pandinig. Ang pagsusuring ito ay dapat gawin sa lalong madaling panahon pagkasilang. Kung ang pagsusuri ay hindi ginawa bago ninyo ng iyong sanggol iwan ang Ospital, ang iyong sanggol ay maaari pa ring masuri bilang isang outpatient sa sandaling makauwi na kayo.

### Paano ginagawa ang pagsusuri?

Ang pagsusuri sa pandinig ay hindi makakapinsala sa iyong sanggol. Isasagawa ng nars o ng taong sinanay sa pagsusuri sa pandinig ang pagsusuri kapag tahimik o natutulog ang iyong sanggol. Ilang maliliit na pad ang marahang ilalagay sa ulo ng iyong sanggol at isang malambot na earphone ang ilalagay sa bandang itaas ng bawat tainga. Isang serye ng malalambot na tunog ang patutugtugin malapit sa mga tainga ng iyong sanggol. itatala ng mga pad ang mga tugon ng iyong sanggol sa mga tunog.

### Kailan ko malalaman ang mga resulta?

Ang mga resulta ng pagsusuri ay malalaman kaagad, at ito ay itatala sa Personal na Rekord ng Kalusugan ng iyong sanggol. Tatalakayin ng tagasuri ang mga resulta sa iyo. Magtanong lamang kung may anumang bagay na hindi mo nasisiguro.

### Anong impormasyon ang ibibigay sa atin ng pagsusuri?

Para sa bawat tainga, ang pagsusuri ay magbibigay ng alinman sa 'pasado' na resulta o 'isangguni' na resulta. Ang pagsusuri ay hindi magbibigay sa detalyadong impormasyon tungkol sa pandinig ng iyong sanggol.

### Ano ang ibig sabihin ng isang 'pasado' na resulta?

Ang isang 'pasado' na resulta sa parehong tainga ay nagpapahiwatig na malamang na hindi magkaroon ang iyong sanggol ng pagkawala ng pandinig na makakaapekto sa pag-unlad ng kaniyang pagsasalita at wika.

Ang maliit na bilang ng mga sanggol ay maaaring makapasa sa pagsusuri, ngunit may kilalang mga salik ng panganib para sa mga uri ng pagkawala ng pandinig na mas matagal bago lumabas. Kung ito ang kaso, ang iyong sanggol ay aalukin ng isang pagsusuri sa pandinig ng audiologist mga ilang araw bago ang kaniyang unang kaarawan. Ang tiyempo ng pagsusuring ito ay depende sa mga partikular na pangangailangan ng iyong anak. Habang napakaunting mga sanggol na may mga salik ng panganib ang magkakaroon ng pagkawala ng pandinig, mahalagang matiyak na ang iyong sanggol ay nabigyan ng pagsusuri.

Tandaan na ang pandinig ng lahat ng sanggol at mga bata ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon. Kung sa anumang oras ay magkaroon ka ng mga alalahanin tungkol sa pandinig ng iyong sanggol o batang anak, kontakin ang iyong doktor o kawani sa inyong lokal na klinika. Ang mga pagsusuri sa pandinig ay maaaring isagawa sa mga sanggol at mga bata sa anumang edad.

### Ano ang ibig sabihin ng 'isangguni' na resulta?

Ang 'isangguni' na resulta sa pagsusuri ng pandinig ay maaaring sanhi ng ilang mga bagay:

- ang iyong sanggol ay hindi mapakali sa panahon ng pagsusuri.
- maaaring nagkaroon ng ingay sa paligid sa panahon ng pagsusuri.
- ang iyong sanggol ay maaaring nagkaroon ng likido o pansamantalang pagbara sa tainga pagkasilang.
- ang maliit na bilang ng mga sanggol ay maaaring magkaroon ng pansamantala o permanenteng pagkawala ng pandinig. Ang antas ng pagkawala ay maaaring mag-iba mula sa banayad hangang sa malaliman.

Kung ang unang pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol ay nagpapakita ng isang 'isangguni' na resulta sa isa o parehong tainga, ang pangalawang pagsusuri sa pandinig para sa parehong tainga ay isasagawa.

Kung ang pangalawang pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol ay nagpapakita ng 'isangguni' na resulta sa isa o parehong tainga, isasangguni ka sa isang audiologist para sa pagsusuri at maging sa serbisyo ng suportang pampamilya. Biyan ka ng karagdagang polyeto na magpapaliwanag dito nang mas detalyado.

### Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri sa pandinig ng iyong sanggol, kontakin ang inyong lokal na ospital, ang doktor ng iyong sanggol, o kawani sa inyong lokal na klinika.










Reviewed 2018